Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Intramuros, Manila

MENSAHE PARA SA ARAW NG KALAYAAN

Aking inaangkin bilang isang bukod-tanging karangalan na makiisa at batiin ang ating bayan -- ng may buong alab, puso, at pag-ibig -- sa kanyang Araw ng Kalayaan! Ang natatanging okasyong ito ay gumugunita sa ika-112 taong kaarawan ng ating bansa mula nang makamtan ang pinakamimithing kalayaan noong Hunyo 12, 1898 – at ipinagdiriwang ng buong bayang Pilipino ngayong 2010, sa pamamagitan ng angkop at katangi-tanging diwa ng Tagumpay ng Bayan!

Bilang inyong Kalihim ng Paggawa at Panghanapbuhay, batid kong isa sa pinakamahalaga at pinaka-ginintuang pahina ng ating kasaysayan ang bukod-tanging araw na ito -- kung saan inialay ng ating mga bayani ang maalab na apoy ng pag-ibig sa dambana ng kagitingan, at ibinuwis ang kanilang pawis at di-mabayarang buhay, upang pawiin ang pagkagupiling ng ating bayan. Ang Araw ng Kalayaan ay higit pang binigyan ng kahulugan at kabuluhan sa katotohanang ang ating mga bayani ay kabahagi ng uring manggagawa, habang sa pangkalahatan, ang mga sinaunang *social partners* ng bansa ay matibay na nakibaka upang makamtan ang ating kalayaan.

Ang hamong kinakaharap ng mga *social partners* (manggagawa, mamumuhunan, at pamahalaan) – o ang mga katuwang natin tungo sa ating panlipunang paglago at kaunlaran – ay ang dalhin at itaas pang lalo ang antas at tibay ng ating kilusan, alinsunod sa mga hamon ng kasalukuyang panahon. At marapat lamang na banggitin ko ang papel na ginampanan ng ating mga katuwang panlipunan, upang matagumpay na harapin ng ating ekonomiya ang nakaraang *global financial crisis* o sigalot sa pandaigdigang ekonomiya – sa pamamagitan ng kaukulang pagkilos na siyang nag-ingat, nagpanatili, at nagpatibay sa ating mga manggawa sa mga lokal na industriya at sa ibayong dagat. Lalo pa, sa pamamagitan ng pakikipagpisan ng ating hanay manggagawa at mamumuhan, ang *strike incidence* sa pook paggawaan ay nagresulta sa pinakamababa sa ating kasaysayan. Sa kanilang pakikupagtulungan sa pamahalaan, nabigyan-tulong ang ating mga bagong graduwado sa kolehiyo at unibersidad, at mga naghahanap ng oportunidad, sa pamamagitan ng mga pantrabahong programa, kaalinsabay ang tulong pangkabahuyan at kasanayan para sa mga *informal sector workers*.

At sa diwang ito, karapat-dapat lamang na ang ating kilusan, sa ating patuloy na pakikibaka upang hawiin ang mga tanikala ng kahirapan, at ganap na makamtan ang tagumpay, ay patuloy na tumahak sa daan ng konstruktibong pakikipagpagpisan -- upang lalong patatagin ang mga pamamaraan tungo sa ikalalago ng mga oportunidad, pagka-produktibo, at kapayapaang-industriyal.

Sa ngalan ng Department of Labor and Employment (DOLE), tunay at lubos ang aking kagalakan na makiisa sa ating bayan – lalung-lalo na sa ating mga Pilipinong manggagawa kasama na ang ating mga bagong bayani sa buong sandaigdigan, ang ating mga katuwang sa panlipunang kaunlaran (mamumuhunan at pamahalaan) at lahat ng ating mga kababayan -- sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan.

Mabuhay ang Republika ng Pilipinas!

MARIANITO D. ROQUE
Kalihim
Kagawaran ng Paggawa at Hanapbuhay